**Abstract**

The essay honors the volunteer teachers and workers who tirelessly and selflessly served the marginalized Lumad indigenous peoples in the time of the COVID-19 pandemic and militarized lockdown. It also informs us of what the pandemic means and does to the internally displaced Lumad, who are unfaltering in their struggle to fight for their right to education, land, and essential social services.

**Keywords**

Edukasyon lumad (lumad education), boluntaryong guro(volunteer teachers), militarisadong lockdown (militarized lockdown), bakwit, dahas ng estado (state violence)

**English title**

A Eulogy for Friends Who Have Chosen the Road Less Travelled

# EULOHIYA PARA SA MGA KAIBIGANG TINAHAK ANG LANDAS NA HINDI GAANONG NILALAKBAY[1]

YAYO WINTER SUN YAMBAO

KUNG PANANDALIANG NAGSARA ang mga paaralan sa Pilipinas dahil sa pandaigdigang pandemya na dulot ng COVID-19 at nag-aantay lamang ang mga kaguruan at mga mag-aaral sa muling pagbubukas nito sa inaasahang paghupa ng bilang ng mga kaso, iba ang mga kapalaran ng mga estudyanteng Lumad, boluntaryong guro, at kanilang paaralang Lumad sa kanilang komunidad at yutang kabilin. Sa panahon ng militarisadong lockdown,[2]—tinagurian din na pinakamahahabang lockdown sa buong mundo[3]—pandemya, at krisis pangmedikal ay tuluyan at pwersahan nang ipinasara ang mga paaralang Lumad. Wala na silang babalikang paaralang Lumad sa mga komunidad.

1 Ang ipinasang artikulo ay rebisyon ng tekstong binasa bilang bahagi ng parangal sa mga biktima at sinukob ng COVID-19 pandemic sa programang “Damay at Dangal: Hanggang sa Muli” na ginanap noong April 9, 2022 sa Sentrong Pangkultura ng Pilipinas.

2 Michelle Bachelet. sa CNN Philippines News. “UN sounds alarm on PH’s ‘highly militarized’ lockdown response.” CNN Philippines, 29 April 2020, https://www.cnnphilippines.com/news/2020/4/29/Philippines-COVID-19-quarantine-police- military. Nakalap noong 03 May 2020.

3 Dan Olanday and Jennifer Rigby. “Inside the World’s Longest and Strictest Coronavirus Lockdown in the Philippines.” Telegraph, July 11, 2020. https://www. telegraph.co.uk/global-health/science-and-disease/inside-worldslongest-strictest-coronavirus-lockdown-philippines/. Nakalap noong 28 July 2020.

Nang muling bumisita ako sa Mindanao sa panahon ng kasagsagan ng pandemya ay muli ko ring binisita ang lugar kung saan ako nagsanay bilang boluntaryong guro. Sa lugar na ito ay nakilala ko ang isa sa mga gurong nagsanay sa akin sa pagiging boluntaryong guro ng mga Lumad, si Teacher Jurain Ngujo. Si Teacher Jurain (o Rain bilang tawag din sa kanya) ay isa sa mga biktima ng New Bataan 5 masaker noong Pebrero 24, 2022, na kasama ang mga biktima pa na kapwa guro sa Lumad school na si Teacher Chaad Booc, ang health worker na si Elgyn Balonga, at dalawa pa nitong kasamang driver.

Sa lugar na binisita ay may nakilala pa akong boluntaryong guro na nagpasyang manatili sa kabila ng pagsasara ng mga paaralang Lumad at sa gitna ng mga atake sa mga Lumad at mga boluntaryong guro. Sa kanyang silid, napansin ko ang bulto ng mga papeles na nakasalansan sa mga sako. Inaalikabok ang ilan, tila matagal nang hindi nagagalaw. Tinanong ko ang guro kung ano ang mga dokumentong nakasalansan.

Tugon niya, *"Sir, 'yan ang mga Form 137 ng mga batang Lumad matapos na sunod-sunod ipasara ang mga paaralan."*[4]

Sinundan ko ng isa pang tanong ang boluntaryong guro ukol sa kanyang pagpapasyang manatili, *"Wala na ang mga paaralang Lumad, bakit andito ka pa?"*

*"Sir, sa araw- araw na ginawa ng Diyos, nananalangin ako na bisitahin ako dito (ng mga dating estudyanteng Lumad) at i-request ng kanilang lilipatang eskuwelahan ang kanilang Form 137. Matutuwa ako kapag kinuha nila ito, dahil alam ko nakapag-transfer sila at makapagpapatuloy sila ng kanilang pag-aaral. Mahal na mahal ko sila, Sir,"* tugon ng boluntaryong guro habang nangingilid ang luha.

Bago pa man ang pandemya ay marami nang naipasarang mga paaralang Lumad. Pero sa pagsaklob ng pandemya sa Pilipinas ay isinaarmas ang krisis na ito upang tuluyan na mismong ipasara ang lahat ng mga paaralang Lumad sa mga komunidad. Mahigit isangdaan at pitumpu't limang paaraalan ang sunod-sunod na sapilitang ipinasara—hindi pinagkalooban ng akreditasyon, giniba, sinunog, ikinandado, o sinugod ng mga puwersa ng estado. Mahigit 5,000 kabatang Lumad ang naapektuhan.[5]

4 Ang Form 137 ay ang permanenteng tala ng mga impormasyon at grado ng mga estudyante, bahagi ng rekisito upang maging ganap na rehistrado bilang opisyal na estudyante ng isang paaralan.

5 Ulat mula sa Save Our Schools Network. "The State of Lumad Schools in Mindanao." Isang ulat na ibinahagi sa Mindanao Human Rights Summit Virtual Gathering. December 7, 2020.




Ang salansan ng bulto ng mga papeles ng mga grado, records, at Form 137 ng mga estudyanteng Lumad matapos sapilitang ipasara ang mga paaralang Lumad sa panahon ng militarisadong lockdown at COVID-19 pandemic

Ang mga salansan ng mga papeles na nakita ko ay patunay na ang pagsasara ng paaralang Lumad ay pagsasara at pagpatay sa mga pangarap ng mga kabataang Lumad. Ang ilan sa mga Lumad na naging mag-aaral ko ay hindi na nakapagpatuloy ng pag-aaral. Ang ilan ay namasukan bilang mga kasambahay, nag-buya o nag-asawa nang maaga, pumasok bilang mga kontraktuwal at arawan sa mga trabaho sa konstruksiyon at hindi ko na rin alam kung nasaan na ang ilan. Mangilan-ngilan lamang at mabibilang ang mga nagpatuloy sa pag-aaral. Sa tuwing may darating na request ng Form 137, nasaksihan ko ang gurong nakilala na walang pagsidlan ang tuwa at pag-asa sa kanyang mukha. Matapos hanapin ang form, ibibigay ito sa mag-aaral o magulang na nag-request, yayakap nang mahigpit, at saka magpapaalalang pagbutihin at tapusin ang pag-aaral. Marahil batid ng boluntaryong guro na sa gitna ng pandemya at pagsasara ng mga paaralan, ang dating libreng edukasyon na natatamasa sa paaralang Lumad sa mga komunidad at ipinasara na, ay pribilehiyo nang maituturing sa ngayon sa ilang Lumad na makakapag-aral. Makakapag-aral sila kahit sa kakapusan ng ekonomiyang pantustos sa pang-araw-araw at pagkasalaylayan sa estado ng buhay.

Sa kabila ng balisa at kawalang katiyakan, ang boluntaryong guro na aking nakilala ay nagpakita ng katatagan ng kalooban sa pagiging saksi sa mga danas at kinahitnan ng mga estudyanteng Lumad. Patuloy pa rin ang

kanyang paghahangad na makita na makapagpatuloy ang mga kabataang Lumad na makapagtapos ng pag-aaral o muling magbukas ang mga paaralang Lumad. Kaya't patuloy siyang naghihintay... maghihintay. Gaya nina Teacher Jurain at ni Teacher Chad, nagpakita siya ng dedikasyon sa pagmamahal sa edukasyong Lumad at pagmamahal sa mga katutubo.

Sinasabing hindi pangkaraniwan ang mga boluntaryong guro. Hinubog sila batay sa pangangailangan ng komunidad na Lumad—well rounded! Minsan health worker, minsan trauma counsellor (dahil sa dahas na dinanas, bombahan sa kabundukan at nasaksihan sa militarisasyon at paramilitarisasyon sa kanilang komunidad), minsan agriculturist, minsan environmentalist, at minsan tumatayong magulang, kaibigan, tagapayo ng mga batang Lumad, magulang, at komunidad.

Kaya't hindi nakapagtataka na nang minsang sinugod ng mga paramilitar ang isang paaralang Lumad, ang agarang reaksiyon ng mga batang Lumad nang makarinig ng mga putok ng baril ay magkumpol sa palibot ng guro upang protektahan at gawing *human shield* ang mga sarili huwag lamang masaktan ang mga boluntaryong guro.

Bakit ba bini-vilify ang mga paaralang Lumad? Nire-red tag at tine-terror tag? Sinasampahan ng mga trump up charges ang mga boluntaryong guro o di kaya ay pinapatay na katulad ng ginawa kay Teacher Jurain at Teacher Chad at sa mga kasama nito[7]? Walang tanging hinangad ang mga boluntaryong guro kundi ang kagalingan at interes ng mga kabataan Lumad at Lumad na komunidad. Sila ay kolektibong nakikiisa, gamit ang edukasyon, sa mga danas at hamon ng pakikibaka ng mga katutubong Lumad laban sa pagsasalaylayan at pagpapatahimik sa kanila.

May boluntaryong guro dahil wala, salat, at bansot sa batayang serbisyong panlipunan para sa mga katutubo na dapat sana'y tinutugunan ng pamahalaan. Kung sino pa talaga ang tumutugon sa pambansang krisis sa edukasyon—ang nagtuturo, ang nagpapabasa, ang nagpapasulat, at ang nagpapabilang ng mga nasa laylayan—ay sila pa talaga ang inuusig ng mga may kapangyarihan at mga puwersa ng estado.

Ito ang balintuna sa bayang ito. Ang mga boluntaryong guro ay tumatawid sa alambre. Bumabalanse kung ito bang gawaing boluntarismo at paglilingkod sa mga nangangailangan ay pagmamahal,

6 Ibinahaging karanasan ng mga estudyanteng lumad at ilang boluntaryong guro sa mga serye ng panayam mula noong Oktubre 2019 hanggang Setyembre 2021.

7 Ratziel San Juan. "Unsurvivable wounds': Chad Booc's death classified as homicide, based on initial Autopsy."Altermidya, March 11, 2022. https://www.altermidya.net/unsurvivable-wounds-chad-boocs-death-classified-as-homicide-based-on-initial-autopsy/. Nakalap noong Marso 20, 2022.

nakakagalak, at marangal na gawain o ito ba'y kapamahakang magdudulot ng pagkakakulong o kamatayan. Gayumpaman, ginagapi ng paggigiit, pagpapasya, at dedikasyon ang lahat ng mga panganib at pangamba ng mga boluntaryong naglilingkod sa mga nasa laylayan.

Matapos ang aking pagbisita at bago ako lumisan sa naisara nang paaralang Lumad at komunidad ng mga Lumad ay pinagkalooban ako ng mga datu, bai, at nakatatanda ng regalo, isang *tangkulo* o isang kostumaryong head piece ng mga Manobo, at *tikos* o leglet, isang palamuti na isinusuot sa binti. Ito ay ipinagkaloob bilang pagkilala sa aking pagpapaloob sa kanilang komunidad, pakikinig at pag-alam sa kanilang kultura, hinaing, at pakikibaka at pakikiisa sa kanilang adhikaing maprotektahan ang kinabukasan ng kanilang kultura, komunidad, lupa, at susunod na henerasyon ng mga Lumad.

Ang *tikos* ay malaking bahagi ng kultura ng paglalakad ng mga Lumad sa malawak na bulubundukin, mayabong na kalikasan, at yutang kabilin na ilang dekada o ilang henerasyon nang pinoprotektahan at ipinagtatanggol ng mga kalumaran laban sa banta ng ekstraksiyon at ekspansiyon ng kapitalismo tulad ng minahan, malawakan at ilegal na pangangahoy sa kanilang yutang kabilin, malawakang monocrop plantation, at mga banta at dahas ng militarisasyon at paramilitarisasyon na sumisiil sa kanilang karapatan, nanghahati sa mga aspirasyon at pagkakaisa ng mga komunidad na Lumad at nanghahawan sa pagpasok ng mga banta ng yuyurak ng kanilang yutang kabilin. Ang *tikos* ay simbolo ng katatagan ng katawan, pakikibaka, at sa malayo at malayang paglalakbay at paglalakad ng mga Lumad. Ang tikos ay paalala rin ng tikas ng kanilang pakikibaka at pagtindig para sa kanilang buhay at kabuhayan. Napakinggan natin ang mga yabag ng kanilang paglalakad mula kabundukan patungo sa mga publikong lansangan ng kalungsuran at Kamaynilaan—nagbakwit habang patuloy na ikinakawing ang pagkakatuto at pakikibaka, patuloy na isinasalaysay ang kanilang mga hinaing at iginigiit ang dignidad at karapatang mabuhay sa kanilang mga paglalakad kasama ang mga nakikiisa at nais makinig sa kanila sa bawat mga lakad.

*Hipanaw!*[8] *Hipanaw* ang Manobong salita o katawagan sa lakad at paglalakad nila sa buhay. Pamilyar ang salitang ugat nitong "panaw" sa

8 Mula sa mga serye ng panayam ukol sa paglalakad sa mga estudyante ng Lumad bakwit school sa Maynila at Mindanao na ginanap simula nang Oktubre 2019 hanggang Setyembre 2021. Ang salitang "panaw" ay maaari ring makita sa tekstong Elkins Richard. "A Proto-Manobo Word List." *Oceanic Linguistic*. Summer - Winter, 1974, vol. 13, No. ½. University of Hawai'i Press. 1974. https://www.jstor.org/stable/3622754. Nakalap noong January 19, 2020.

Filipino. Ang ibig sabihin nito ay paglisan, pagkamatay o pagtawid sa kabilangbuhay—tulad ng di makatarungang pagpatay sa mga biktima ng New Bataan 5. Pumanaw man ang katawan nina Teacher Chad at Teacher Jurain, pero hindi ang alaala, ang mga itinuro sa mga kabataang Lumad at ang kabutihan ng pag-aalay ng oras, talino, galing, at buhay para mapaglingkuran ang sambayanan.

Habang sila ay naglalakbay sa kabilang buhay, tinatahak ng kanilang mga ibinahaging kagalingan ang ating mga puso at isipan. Ibinubukas nila ang ating kalooban na isaalang-alang ang mga katutubo. Inihanda nila tayo sa ating pagpapatuloy sa paglilingkod sapagkat hinawan nila ang landasin para sa makabayan, siyentipiko, at makamasang edukasyon para sa mga kapatid nating Lumad.

Ang hipanaw—ang paglalakad—ay pagsasabuhay rin ng patuloy na pagsulong at sa pagharap sa mga kontradiksiyon at tunggalian sa lipunan at sa mga makapangyarihan. Ang bawat bakas na "nilisan" ng mga boluntaryong guro ay gabay sa patuloy na paglilingkod at pagtuturo... ilang bundok man ang lalakarin, ilang ilog man ang tatawirin ay kakayanin hanggang mapalaya sa ugat ng kahirapan ang mga kapatid nating katutubo.

Hindi maitatatwa na sa mga yugto ng paglalakbay ay minsang napapagal ang katawan o panghihinaan ng kalooban, pero gaya ng paulit-ulit na paalala ng aking mga estudyanteng lumad kapag minsang lusaw na lusaw na kami sa pagod bilang boluntaryong guro sa panahon ng militarisadong pandemya, *"Sir, dasig at padayon lang!"*—ibig sabihin *more power! continue and endure.* Ang lahat ay napapawi ng mga paalalang ito. Sila ang mga himig at bigkas ng pag-asa na sapat na paalala na magpatuloy sa paglalakad kasama ang mga nasa laylayan.

Hustisya at pinakamataas na pagpupugay sa New Bataan 5! Mabuhay ang mga boluntaryong guro at naglilingkod sa bayan!

*Hipanaw kid!* o sa Filipino, "tayo na!" Kasamang ibayuhin ang pagsikhay para sa kanilang aspirasyon at karapatan sa edukasyon, sariling pagpapasya, at kinabukasan. Maglakad tayo kasama ng mga nasa laylayan—hahakbang pasulong at magpapatuloy!